LORD TWEEDSMUIR SECONDARY SCHOOL
SCHOOL DISTRICT 36 SURREY
6151 – 180th Street, Surrey, B.C. V3S 4L5 Tel: (604) 574-7407/Fax: (604) 574-4759
web site: www.surreyschools.ca/schools/tweeds

April 28, 2025

Mga Mahal na Pamilya,

Nitong nakaraang weekend/ katapusan ng linggo, libu-libong tao mula sa Filipino community - mula sa buong Metro Vancouver - ang nagtipon sa Vancouver upang ipagdiwang ang Lapu-Lapu Day Festival. Noong bandang Sabado ng gabi, kinumpirma ng Vancouver Police ang trahedya at nakakadurog-pusong balita na labing-isang tao ang namatay at dose-dosena pa ang nasugatan sa kaganapan.

Ipinagmamalaki ng Surrey Schools na tahanan ito ng maraming Filipino-Canadian na kawani, mag-aaral at pamilya. Maraming tao sa komunidad ng aming paaralan ang maaaring dumalo sa kaganapan o may kapamilya at mga kaibigan sa kaganapan. Nasa proseso pa rin kami ng pag-unawa sa buong epekto ng malagim na insidente noong Sabado sa komunidad ng aming paaralan.

Sa Lunes, maaasahan ninyo na ang aming mga kawani ay magsisikap na suportahan ang mga mag-aaral at magbigay ng mga pagkakataon para sa kanila na ipahayag ang kanilang mga damdamin at ihayag ang kanilang mga katanungan. Ang distrito ay nag-ayos ng karagdagang suporta sa pamamagitan ng mga mapagkukunan ng payo sa distrito at kawani ng Safe Schools para sa komunidad ng aming paaralan. Mangyaring huwag mag-atubiling basahin ang fact sheet na ito para sa mga pamilya sa pagsuporta sa mga bata sa ganitong uri ng kapahamakan o pagkawala. Ang gabay mula sa Ministri ng Edukasyon at Pangangalaga sa Bata ay kasama sa ibaba ng liham na ito.

Pinoproseso ng ating mga anak ang kalungkutan sa iba't ibang paraan at sa susunod na mga araw, linggo at buwan, makikita natin silang magpapahayag ng iba't ibang emosyon. Ang ilan ay maaaring mukhang galit, malungkot, mapag-isa, o nalilito, at ang iba ay maaaring magpahayag ng kanilang mga damdamin sa pamamagitan ng mga tanong o pag-uusap. Ang mga tugon/kilos na ito ay natural at maaaring matagalan upang maayos. Sa mga ganitong mahirap na pagkakataon, ang iyong anak ay mangangailangan ng pasensya, pangangalaga, at katiyakan mula sa paaralan at sa tahanan.

Bilang kawani ng distrito ng paaralan, kinikilala namin na ang aming mga mag-aaral ay maaaring mangailangan ng karagdagang suporta. Patuloy naming uunahin ang kalusugang pangkaisipan at kapakanan ng ating mga mag-aaral. Maging maalalahanin sa anumang mga pagbabago sa mga karaniwang pag-uugali ng iyong anak. Kung sa tingin mo ang iyong anak ay nangangailangan ng karagdagang suporta, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan at/o i-access ang mga suporta sa komunidad na tinukoy sa dokumento sa ibaba.

Pinahahalagahan namin ang pakikiramay, pangangalaga at paggalang sa komunidad ng aming paaralan na ipinapakita para sa isa't isa sa mga ganitong mabigat na panahon. May pinagdaraanan tayong isang mapangwasak na pagkawala at ang iyong pag-unawa at pasensya ay lubos na pinahahalagahan.

Taos-puso,

Ken Hignell
Principal

*"Create a future you believe in"*